Tagalog
(Wikang Tagalog)

Office of Superintendent of Public Instruction (OSPI)
Survey tungkol sa Wika sa Bahay

Pangalan ng Mag-aaral:		**Petsa:**
Petsa ng Kapanganakan:	**Kasarian:**	**Baitang:**

Ang Form ay Sinagutan ni:

Pangalan ng Magulang/Tagapag-alaga _____ Kaugnayan sa Mag-aaral _____

Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga _____

Kung mayroon, anong wika ang gusto mong gamitin sa mga pakikipag-ugnayang matatanggap mo mula sa paaralan?

_____

Nakatanggap ba ng suporta sa pag-aaral ng wikang Ingles ang iyong anak sa pamamagitan ng Transitional Bilingual Instruction Program sa huling paaralang pinasukan niya? Oo__ Hindi__ Hindi ko alam__

1. Saang bansa isinilang ang iyong anak?	_____
2. **Ano ang unang wikang natutunan ng iyong anak?***	_____
3. **Anong wika ang pinakamadalas gamitin ng <u>IYONG ANAK</u> sa bahay?***	_____
4. Bilang <u>mga magulang/tagapag-alaga</u>, anong (mga) wika ang pinakamadalas ninyong gamitin kapag nakikipag-usap kayo sa inyong anak?	_____ _____
5. Ang inyo bang anak ay nakatanggap ng pormal na edukasyon* sa labas ng Estados Unidos? (Kindergarten – 12th grade) _____Oo _____Hindi Hindi kasama sa "Pormal na edukasyon" ang mga refugee camp o iba pang hindi na-accredit na programa para sa mga bata.	Kung oo, anong (mga) wika ang ginamit sa pagtuturo? _____ Ilang buwan? _____
6. Kailan unang pumasok ang inyong anak sa isang paaralan sa Estados Unidos? (Kindergarten – ika-12 na baitang)	_____ Buwan Araw Taon

WAC 392-160-005: Nangangahulugan ang "Pangunahing Wika" na ang wika na pinakamadalas na ginagamit ng mag-aaral (hindi kinakailangan na gamit ng mga magulang, tagapag-alaga o iba pa) sa pakikipag-usap sa tirahan ng mag-aaral.

Note to district: A response of a language other than English to question #2 OR question #3 triggers ELL placement testing.

Ang Layunin ng Home Language Survey (Survey sa Wika sa Tahanan)

Ang Home Language Survey ay ibinibigay sa *lahat* ng mga mag-aaral na nagpapa-enroll sa mga paaralan sa Washington. Ang mga sumusunod na impormasyon ay dapat makatulong na masagot ang ilang mga katanungan maaaring mayroon kayo tungkol sa form na ito.

Ano ang Layunin ng Home Language Survey?

Ang pangunahing layunin ng Home Language Survey ay tulungan na makilala ang mga mag-aaral na maaaring kuwalipukado para sa suporta upang matulungan sila na mapahusay ang kanilang mga kakayagan sa wikang Ingles na kinakailangan para magtagumpay sa silid-aralan at iyong mga maaaring kuwalipikado para sa iba pang mga serbisyo. Mahalaga na ang impormasyong ito ay wastong matala dahil maaari itong maka-apekto sa pagiging karapat-dapat ng mga mag-aaral sa mga serbisyo na kakailanganin nila para magtagumpay sa paaralan. Ang mga pagsusulit ay maaaring kinakailangan para matiyak kung kinakailangan o hindi ng dagdag na mga suporta sa wika at akademiko. Walang mag-aaral ang ilalagay sa isang programa para sa pagpapahusay ng wikang Ingles batay lamang sa mga kasagutan sa form na ito.

Bakit ninyo tinatanong ang tungkol sa unang wika at (mga) wika na ginagamit ng mag-aaral sa kanilang tahanan?

Ang dalawang tanong tungkol sa wika ng mag-aaral ay makakatulong sa amin na malaman:

- kung ang inyong mag-aaral ay karapat-dapat para sa tulong sa pag-aaral ng Ingles, at
- kung dapat malaman ng staff sa paaralan ang tungkol sa ibang mga wika na ginagamit ng mag-aaral sa tahanan.

Ang wika na unang natutunan ng inyong anak sa bahay ay maaaring iba mula sa wika na ginagamit ng inyong anak para makipag-usap sa tahanan ngayon. Ang mga sagot sa parehong tanong na ito ay makakatulong sa paaralan na makapagbigay ng angkop na pagtuturo sa mga indibiduwal na pangangailangan ng mag-aaral at pati na rin tulong sa mga kailangan sa komunikasyon na maaaring maganap. Ang mga mag-aaral na unang natutunan ang ibang wika maliban sa Ingles ay maaaring kuwalipikado sa mga karagdagang suporta. Kahit na ang mga mag-aaral na nagsasalita ng Ingles nang mahusay ay maaaring kailanganin rin ang suporta sa pagpapahusay ng mga kakayahan sa wika na kinakailangan para magtagumpay sa paaralan.

Bakit ninyo tinatanong kung saan ipinanganak ang mag-aaral?

Ang impormasyon na ito ay makakatulong sa distrito ng paaralan at sa estado na matiyak kung nakakatugon ang mag-aaral sa kahulugan ng immigrant para sa layunin ng pagpopondo ng pederal. Ito ay ginagamit kahit na kapag ang mga magulang ng mag-aaral ay parehong mamamayan ng Estados Unidos, pero ang mag-aaral ay ipinanganak sa labas ng Estados Unidos. Ang form na ito ay hindi ginagamit para makilala ang mga mag-aaral na maaaring walang dokumento.

Bakit ninyo tinatanong ang tungkol sa nakaraang pinag-aralan o edukasyon ng aking mag-aaral?

Ang impormasyon tungkol sa edukasyon ng mag-aaral ay makakatulong na matiyak na ang edukasyon ng mag-aaral ay parehong natamo sa loob at sa labas ng Estados Unidos ay maisasaalang-alang sa anumang mga rekumendasyon na ginawa sa paglalahok sa mga programa at mga serbisyo sa distrito. Ang kasaysayan ng edukasyon ng mag-aaral ay mahalaga rin na impormasyon na makakatulong na matiyak kung ang mag-aaral ay nagsasagawa ng sapat na pag-unlad patungo sa mga pamantayan ng estado batay sa kanilang dating mga kasaysayan sa edukasyon.

Salamat sa inyong pagkakaloob ng impormasyon na kinakailangan sa Home Language Survey. Makipag-ugnayan sa distrito ng paaralan kung mayroon kayong karagdagang mga tanong tungkol sa form na ito o tungkol sa mga serbisyo na magagamit sa paaralan ng inyong anak.